**Abstract**

What space do art and memory fill in a marshalled scramble for survival? These words are crude attempts at negotiating with a world weighed down by sickness, grief, and cruel ambitions.

**English titles**

You only live

1. Tarpaulin, horse
2. You only live
3. Recycling as performance art

**Keywords**

Pandemic, memory, grief, power, injustice

# NABUBUHAY KA LANG NAMAN

ROSMON TUAZON

# TRAPAL, KABAYO

Balumbon ng trapal na kala-kaladkad ng kabayo,
itong sugong nagpahinto

sa mga sasakyang hindi nagpapaubaya sa karo ng patay
o ambulansiyang sumuko na sa pag-aapura

dahil huli na ang lahat.
Kahit nananamlay ang mga yabag sa uhaw o bigat ng atas

ay hindi makikitaan ng pagkatinag ang hayop
sa singasing na pinasidhi ng layunin,

sa mga matang matuwid kahit walang tapaoo.
Pumanaog ang mga kawani mula sa makikinang na gusali

at binitiwan ng mga boluntaryo ang mga punla ng puno
upang tiyakin ang balitang may trapal at may kabayo.

Itinigil ang presscon sa sakunang laging maagang sumalanta
at ang saklolong laging sa makalawa pa ipinadadala,

naawat pati debate ng mga nakaupong magkakasundo rin sa dulo
na maghalinhinan na lang sa puwesto.

Inilapag ng mga rebolusyonaryo ang aklat at armas
at nagkasa ng riple ang mga sundalo

sa utos na itumba ang kabayo, iladlad ang trapal,
kung umabot sa puntong

kailangang kantiin ang dangal ng ilahas.
Pero ilang ulit na bang nagpalit-palit ang pula't dilaw, lunti

sa ilaw-trapiko? Lumalapot ang ligalig ng mga nakaabang
habang palakas nang palakas ang takatak,

ang pagkayod ng babala sa konkreto,
ang singhap ng mga nalalansag.

# NABUBUHAY KA LANG NAMAN

para sa primera klaseng tokwa kurot ng karneng

legal lang sa malalayang kolonya bowling kada Huwebes
para mangolekta ng mga plaka ng trombonistang ikaw lang ang may kilala

dahil nabubuhay ka lang
para magpalahi ng mga eksotikong gagamba

mag-ampon ng asong sumisirko
kahit walang kumukumpas hindi ba't

nabubuhay ka lang naman
para magpakawala ng sigaw kung mag-isa sa elevator

para magpakawala ng sigaw kada flush ng kubeta
sa klinika kung saan hindi ka pinapayagang mag-isa

pero nabuhay ka naman
noon para sa mga libreng laruang hindi talaga libre kasama ng burger at fries

mga plastik na robot na natitiklop para magmukhang burger at fries
mga pabuyang hindi na mahalaga kung bakit nakamit

bakit ipinagkait basta't nabuhay ka naman
para isobre ang huling kinsenas ng magpinsang kargador

na tinirikan ng trak at nagbuhat ng sofa sa highway ang desperasyon
ay mga unggoy na naglululundag sa kutson

nagpatuloy ang buhay sa kabila nito kunsabagay
nabubuhayan ka nga sa panganib na mabisto

sa paghahalughog sa basura ng kapitbahay
banig-banig ng panis na gamot bungkos ng buhok kamerang basag

nakasindi pa't rumorolyo ang kaset anupa't
nabubuhay ka lang

para sa ginhawang tingi-tingi para maghasik ng pagkalimot
at maghimagsik sa pagkalimot sa panatang pahiran ng sariwang pintura

ang mga ngalan sa lapida
ng mga nabuhay minsan at mga nabuhay lang naman

# PAGRERESIKLO BILANG ITINATANGHAL NA SINING

Súka ng gana, latak ng lunggati.
Retaso ng parehong lipas at sariwang industriya.

Ang dami nga namang posibilidad
ng tambakan sa kamay ng mga kondenado.

Nagsasalansan sila ng mga kaha
ng TV at refrigerator bilang makinasadong halimaw

na kinukuyog sa rituwal ng pagbuwag.
Nagtatagni-tagni sila ng mga boteng plastik

at gomang tubo upang idambana
ang natira sa lahi ng mga sintetikong pugita.

Dito ba napupunta ang aming buwis? usyuso ng COO.
Hatol naman ng burukratong hindi nagbayad:

marami nang pagtatangkang mas malibog,
mas marilag. Bago pa magkagulo

ay pinagpapalakol nila ang mga rebulto
sang-ayon sa mga sibilisadong asal ng pagkonsumo

upang ibalik ang buo sa pagiging bunton
ng labis at pananawa. Saglit na katahimikan

para sa mga nabighani ng kabalyero ng lata't kable.
Improbisadong orasyon para sa mga nasilaw

ng arkanghel ng palara't polystyrene.
Mga kalaban ng guniguni, mga guniguning

kalaban na ulit-ulit nilang sinasagupa, sinusumpa,
at kung kumpleto naman sa sangkap,

muling nililikha.